TAGALOG

✪Impormasyon Ukol sa Tax Declaration✪

Ang pagpasa ng Tax Declaration ng kinita sa taong 2011 ay mula 2/16 (Huwebes) hanggang 3/15 (Huwebes). Sa pagdedeklara, ihanda ang mga papeles na magpapakita ng halaga ng kinita o mga binawasan sa buong taon ng 2011 kagaya ng (withholding exemption slip o social insurance exemption certificate at iba pa), pangsulat, calculator o declaration slip (binawasan) noong nakaraang taon, mga importanteng dokumento sa kasulukuyan at sobre. Magiging matao ang araw ng deklarasyon kaya agahan ang pagdedeklara. Magtanong sa Ashikaga Zeimusho (☎41-3151).

✪Impormasyon Ukol sa Pagpinansya ng School Scholarship✪

May pagpipinansya para sa school scholarship na kinakailangan sa pagpasok sa mga unibersidad, junior college, senior high school, at mga vocational high school na makakatulong sa mga magulang ng mga estudyante. Ang pinipinansyang halaga ay hindi hihigit sa ￥150M, na may interes rate na 1.6% na fixed interest sa isang taon, na ang bayaran ay sa loobng 4 na taon. Ang aplayan ay mula 3/19 (Lunes). Magtanong sa Kyoiku Somu Ka (Education & General Affairs Section sa ☎20-2216) para sa mga kailangang kuwalipikasyon.

✪Impormasyon Ukol sa Prebensyon ng Pagdaloy ng mga Langis at Mantika✪

Nagkakaroon ng (Abnormal na Kuwalidad ng Tubig) sa kasulukuyan dahil sa pagdaloy ng mga langis at iba pa sa mga ilog. Malaking pinsala ang madudulot nito kapag nagdaloy ang mga kemikal, langis kahit na kaunti lamang sa mga ilog. Itapon sa basura ang mga hindi na kailangan mantika na pinatigas muna o dinampian ng papel o tela. Gamitin ang kolektahan ng hindi na kailangang mantika na ginamit sa bahay na nasa na City Hall, Torisen Hajika Branch, Fressay Tori Machi Branch, Asakura Cho York Benimaru Ashikaga Branch, Mini Coop Kakabo Branch. Magtanong lamang sa Kankyo Seisaku Ka (Environment Policy Section sa ☎20-2152).